

Pagkilala sa Dashboard ng Paaralan sa California



Ang Dashboard ng Paaralan sa California (Dashboard) ay isang online na tool na idinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na ma-access ang mahahalagang impormasyon tungkol sa transitional kindergarten hanggang ikalabindalawang baitang na mga paaralan at distrito. Nagtatampok ang Dashboard ng mga ulat na madaling basahin tungkol sa iba't ibang sukatan ng tagumpay ng paaralan.

Kumakatawan ang Dashboard sa isa sa maraming hakbang na ginawa sa nakalipas na dekada na nagtaas ng pamantayan para sa pagkatuto ng mga estudyante, dinagdagan ang pokus sa pagkakapantay-pantay, at pinalawak ang pagsusuri ng datos ng pagganap sa isang partikular na hanay ng mga estado at lokal na panukala. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [Dashboard website](#).

Mga Sukatan ng Tagumpay ng Paaralan

Mga Panukat ng Estado

Pinapayagan ng mga panukat ng estado ang paghahambing sa pagitan ng mga paaralan at distrito.

- Mga tagapagpahiwatig ng Akademiko (Akademiko—English Language Arts, Akademiko—Mathematics)
- Tagapagpahiwatig ng Paulit-ulit na Pagliban
- Tagapagpahiwatig ng Kolehiyo/Trabaho
- Tagapagpahiwatig ng Pag-unlad ng Nag-aaral ng Ingles
- Tagapagpahiwatig ng Rate ng Pagtatapos
- Tagapagpahiwatig ng Science
- Tagapagpahiwatig ng Rate ng Suspensyon

Ipinapakita ang mga resulta para sa lahat ng distrito, paaralan, at grupo ng estudyante (halimbawa, mga grupong panlahi/etniko, kulang sa pinansyal na kakayahan, nag-aaral ng Ingles, matagal nang nag-aaral ng Ingles, walang tirahan, nasa pansamantalang pangangalaga, at mga estudyanteng may kapansanan).

Sa Dashboard, ang mga paaralan at distrito ay tumatanggap ng isa sa limang Antas ng Pagganap para sa bawat karapat-dapat na mga panukat ng estado. Ang mga Antas ng Pagganap ay tinutukoy gamit ang datos mula sa kasalukuyang taon at nakaraang taon, at ipinapakita ito sa pamamagitan ng kulay mula Pula (pinakamababang pagganap) hanggang Bughaw (pinakamataas na pagganap).



Red



Orange



Yellow



Green



Blue

Lowest
Performance

Highest
Performance



Mga Lokal na Panukala

Ang mga lokal na panukala ay batay sa impormasyong kinokolekta ng mga distrito, tanggapan ng edukasyon ng county (COEs), at charter na paaralan. Makakahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga lokal na panukala sa pamamagitan ng pagbisita sa [California Department of Education \(CDE\) Local Indicators web page](#).

- **Mga Pangunahing Serbisyo at Kalagayan**
 - Mga pagtatalaga ng guro, ligtas at malinis na gusali, at mga materyal sa pagtuturo para sa lahat ng estudyante
- **Pagpapatupad ng mga Pamantayang Pang-akademiko ng Estado**
- **Kapaligiran ng Paaralan**
 - Kaunawaan ng estudyante sa kaligtasan at koneksyon sa paaralan
- **Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya**
- **Access sa Malawak na Kurso ng Pag-aaral**
- **Pag-uugnay ng mga Serbisyo para sa mga Estudyanteng Pinaalis (COEs lamang)**
- **Pag-uugnay ng mga Serbisyo para sa mga Kabataang nasa Pansamantalang Pangangalaga (COEs lamang)**

Tumatanggap ang mga distrito ng isa sa **tatlong** rating para sa bawat lokal na panukala:

- **Nakatugon**
- **Hindi Nakatugon**
- **Hindi Nakatugon sa Dalawa o Higit pang Taon**

Ang impormasyon tungkol sa paaralan at grupo ng estudyante ay hindi available para sa mga lokal na panukala.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [CDE California School Dashboard and System of Support web page](#).

Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.

